



“Para sa mga nagiiisip”

May hamon sa Qur'an. Ito'y hindi libro na babasahin na lang ng hindi na inaalang. Ang nilalaman at pamamaraan nito ay magdadala sa bumabasa nito na pag-isipan ang bawat salita at ibig sabihin nito. Ang mga ipinanganak na sa komunidad ng mga Muslim ay hindi rin labas sa hamong ito. Hinamon ng Allah ang kanyang linikha –literado man o hindi, modern man o makaluma – na maniwala gamit ang mata, pagintindi at kaisipan na kung saan may mapagkumbababang pag-amin dito.

Sa tuwing nagbabanggit ang Qur'an patungkol sa perpektong paglikha, hindi ito yaong mundo na sakto sa kagustuhan ng bawat isa, ito'y ibang usapin. Ito'y patungkol sa tamang-tamang pagkalikha sa sanlibutan na kung saan dito'y mapapaisip ang tao. Lalo na sa saktong posisyon ng araw na hindi gaanong malayo na magyeyelo na ang mundo at hindi rin gaanong malapit na masusunog ang planetang ito. Ang Allah ay nagwika: “*At ang Allâh ay Siyang lumikha ng gabi; upang makapagpahinga ang mga tao, at ganoon din ang araw; upang sila ay makapaghanap-buhay, at nilikha Niya ang araw (shams o sun) bilang tanda ng liwanag ng araw, at nilikha Niya ang buwan bilang tanda ng gabi, at bawa't isa sa dalawa ay nasa 'Falak' (orbit' o ligiran) na nakalutang*” (21:33).

Ang Allah ay nagwika: “*Pinaghalo ng Allâh ang tubig ng dalawang karagatan – tabang at maalat – na ito ay*

nagtatagpo, Na mayroong itong harang na di-nakikita na ito ay hindi naghahalo sa isa't isa na hindi nawawala ang

katangian ng bawa't isa nito” (55:19-20). Inilalayon ng bersikulong ito na may harang na hindi nakikita ang

naghihiwalay sa maalat at matabang na dagat na tumutulong sa mga sa alin mang namumuhay dito na mamuhay at magparami.

Kung isa rito ay matatagpuan sa dalawang ito, di magtatagal ang mundo ay magiging disyerto.